Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Batang Pastol na si David

Sinulat ni: Edward Hughes

Ilinarawan ni: Lazarus

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento,
kung hindi ninyo ipagbibili.

Noong nakaraang panahon, sa panahon ng Haring si Saul sa Israel, may isang batang lalaking ingalanang David. Tinulongan niya ang kanyang mga kapatid na nagalaga ng mga tupa ng kanilang ama. Kahit na siya'y bunso, si David ay malakas, matapang na batang

Isang besis isang leon ang umataki sa panon upang makahuli ng maliit ng tupa upang may kainin ng hapunan. Si batang David ay nakipaglaban sa umataki. Binunot niya ay maliit na tupa sa leon at hinwakan ni David ang balbas ng leon at binira ng malakas hanggang namatay ay leon. Alam ni David na tinulongan siya ng Diyos.

Si Samuel, propeta ng Panginoong Diyos ay nalungkot na si Haring Saul ay tumanggi at tumigil ng paggawa ng ukol sa Panginoon Diyos. "Hanggang kailan ba kayo hihinto sa pagdalamhati kay Saul?" Pinagalitan si Samuel ng Panginoon.

"Ipayaon kita kay Jesse … sa pagkat may napili na akong hari sa isa sa kanyang mga anak na lalaki."
Si Jesse ay ama ni David. Kahit na alam ni Samuel na papatayin siya ni Haring Saul pag nalaman na siya'y humahanap ng ibang hari, sumunod ang propeta sa panginoong Diyos.

Nang dumating si Samuel sa bahay ni Jesse, pinaharap ni Jesse ang kanyang mga binata, (pitu sila) kay Samuel. At sinabi ni Samuel kay Jesse, "Ang mga binatang ito ay hindi pili ng Panginoon." Ang naiwan ay ang bunsong si David. Siya ay nasa pastolan kasama ang mga tupa. Kinuha si David at dinala sa harap ni Samuel. At sinabi ng Panginoon, "tumayo ka, ibuhos ang langis sa kanyang ulo; sapagkat ito ang pili ko."

Sa palasio ng Haring Saul, ang Spiritu ng Panginoon ay wala na kay Saul, at siya'y nagugulohan. Ang kanyang mga alila ay nagbakasakali ang mabuting tugtugin o mga kanta makatumahan ng gulo sa kayang ulo. Ang isa sa kanila ay nakaalam ng isang batang lalaking maronong tumogtog ng kudyapi.

Makahula ba kayo kung sino itong batang ito? Oo si David nga.

Ang tugtugin ni David sa kudyapi ay nakatulong kay Haring Saul ng pagiisip ng mabuti at matuwid. Tinanong si Jesse na ama ni David kung maari bang manatili si David sa palasio at maglingkod sa hari. Nang si Saul ay nananamlay at takot, tumugtog kaagad si David ng kanyang kudyapi o arpa. Ito'y nakatolong.

Nang umuwi si David sa kanyang bahay, si haring Saul ay humarap ng malaking digmaan laban sa mga Pelisteo. Ang mga kapatid ni David ay lumaban kasama ng mga kawal ni Saul. Pinadala ni Jesse si David sa harap ng digmaan upang agbigay ng pagkain sa kanyang mga kapatid at tiningnan kung papano na sila.



Ang napakalaking higanti ng Pelisteo , si Goliath, ay lumabas at tinakut ang lahat ng mga kawal ng Israel.

"Pumili kayo ng isang mama, at papuntahin mo siya rito sa akin!" Sumigaw si Goliath. "Kung siya ay makipaglaban sa akin at ako'y pinatay niya, kami ay maggiging inyong mga alila. Ngunit kung ako ang makapatay sa kanya, samakatuwid kayong lahat ang aming alila at magsilbi sa amin." Ang lahat ng mga kawal ng Isarael, nang nakita ang higanti, ay nagsisitakbuhan at takot na takot sila.



Noon sinabi ni David kay Haring Saul, "Huwag kayong manglulupaypay dahil sa higanting iyon; ang iyong alila ay paparoon at makipaglaban sa mga Pelisteo." Gusto ni Saul na gamitin ni David ang kanyang mga baluti at tabak. Sa halip ng ito, dinala ni David ang kanyang panghilagpus at pumulot limang makikinis ng bato sa batis.



Tumawa ng malakas si Goliath nang nakita niya si David walang suot na baluti. "Ibigay ko ang iyong laman sa mga ibon at sa mga hayopan sa parang!"

Siya'y sumigaw. "Ako'y naririto sa pangalan ng Panginoong Diyos!" Ang sagut ni David. "Sa araw na ito ay ibigay ka ng Panginoon sa akingm mga kamay … sa pagkat ang digmaang ito ay sa Panginoon."

Tumakbu si David patungo kay Goliath. Habang siya'y tumakbu, linagay niya ang isang makinis na bato sa panghilagpus at ibinayaw ito at tumama ang bato sa nuo ni Goliath.

Binunot ni David ang malaki at mahabang tabak ni Goliath at pinutolan ng liig si Goliath ng kangyang sariling tabak. Nang nakita ng mga Pelisteo na si Goliath ay patay na, nagsisitakbuhan sila upang maiwasan ang kanilang kamatayan.



Hindi maalaala ng Haring Saul na ang nakapatay kay Goliath na si David,ay si David na tumogtug ng arpa sa kanya. Si David ay ginawang tagapamahala ng mga kawal ni Haring Saul-ngunit nainggit siya nang binigsi David ng mga puri galing sa mga tao ukol sa pagpanalo kay Goliath. "Ngayon ano pa kanyang makukuha, kung hindi ang kaharian ko?" ang isip ni Saul. Mula noon pinagmasdan palagi si David.





Nagugulohan na naman sa ulo si Haring Saul muli. Pinatugtog muli si David ng matamis na himig sa arpa upang mapatahimik ang kanyang ulo. Ihina gis ng tatlong bisis ang kanyang sibat kay David.

Ngunit si David ay nakaligtas. Natakut si Saul kay David, dahil alam niya na ang Panginoong Diyos ay nasa kay David ngunit lumayo kay Saul.



Ngunit si Jonathan na anak ni Haring Saul ay nagmahal kay David bilang isang kapatid. "Ang ama ko na si Saul ay naghanap ng pagkakataong patayin ka." inabisohan niya si David. Sa ganon, tumakas si David. Ang kanyang asawa ay gumawa ng kunyari may taong natulog sa kanyang kama.

Si David ay tumakas malayong malayo kay Saul. Noon hindi niya ito ginawa, siya at si Jonathan ay may sumpaan. Sila ay nangako na magtulongan sila sa bawat isa.

Nakalulongkot, ang dalawang magkaibigan ay naghiwalay. Humanap si David ng matitirahan na walang takot na mahanap siya ng mga kawal ni Haring Saul.



Ang Batang Pastol na Si David,

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

I Samuel 16-20

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16